REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-14

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAAN (ALLOCATING) NG HALAGANG TATLONG MILYON PITONG DAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (3,750,000.00) ALINSUNOD SA KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-287 NA NAGTATADHANA NG PAGHILING SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, SA PAMAMAGITAN NG ATING PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA MAGLAAN NG NASABING HALAGA PARA SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA (CULVERT TYPE) SA DAKONG SILANGANG BAHAGI NG PALIKO RIVER SA PAGITAN NG BULI AT CUPANG.**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Alejando L. Martinez**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** ayon sa Seksiyon 447 (2) (l) ng Batas Republika Blg 7160 o Batas ng Pamahalaang Lokal, ang Sangguniang Panglungsod ay binibigyan ng kapangyarihan na magsabatas at magpatibay ng Resolusyon at maglaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong magtataguyod ng kagalingang panglipunan:

**SAPAGKAT,** noong 22 Mayo 1996, sa ginanap na ika-40 Regular na Sesyon, ang Sangguniang Panglungsod ay pinagtibay ang Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-287 na nagsasaad ng kahilingan sa Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye na maglaan ng halagang Tatlong Milyon Pitong Daan at Limampung Libong Piso (P3,750,000.00) upang gamitin sa pagpapagawa ng kalsada (culvert type) sa dakong silangang bahagi ng Paliko River sa pagitan ng Barangay Buli at Cupang:

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng nasabing proyekto ay magbibigay daan upang mapaunlad ang mga proyektong pangkabuhayan ng Barangay Buli, ang proyekto ay magsisilbing gamit na pondohan ng mga mangingisda, paradahan ng mga sasakyan, at pinakamalapit na daan upang marating ang mga lugar ng mga Lingkurang Panglipunan ng Barangay Buli;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay mayroong Standby Loan na halagang Isang Daan Dalawampung Milyong Piso (P120,000,000.00) na nakalaan upang magamit sa mga proyektong imprastraktura;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na maglaan (allocate) ng halagang Tatlong Milyon Pitong Daan at Limampung Libong Piso (P3,750,000.00) alinsunod sa Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-287 na nagtatadhana ng paghiling sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng ating Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye, na maglaan ng nasabing halaga para sa pagpapagawa ng kalsada (culvert type) sa dakong silangang bahagi ng Paliko River sa pagitan ng Buli at Cupang. Ang nasabing halaga ay kukunin sa Isang Daan Dalawampung Milyong Piso (P120,000,000.00) PNB Loan.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **15 Setyembre 1997, sa ginanap na ika-97 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ROMAN E. NIEFES**<br>Konsehal | **KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**<br>Konsehal |
| **KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**<br>Councilor | **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**<br>Councilor |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 10/7/97

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196